Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon

Liturgy of the Hours

Panalangin sa Takipsilim

Ika-20 ng Nobyembre, 2026

{ Ika-33 Biyernes sa Karaniwang Panahon }

Liturgy of the Hours
EBREVIARY

Tumayo at gawin ang tanda ng krus

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Awit

Nang ang Diyos ay lumalang, nilikha n'ya ang tao
Na kanyang kalarawan, may laya at talino,
Dahil sa pag-ibig n'ya, mula nang sanggol tayo,
Tayo'y may kalayaan, ayon sa kanyang piano.

Sa tao'y iniwanan ang layunin ng buhay
Na naging kahihiyan, nang sala ay dumatal,
Tao laban sa kapwa, isip ay karahasan.
D'yos na ang nagsumamo, ngunit ayaw pakinggan.

Dumating ang panahon, ang D'yos na ang kumilos,
Isinugo ang Kristo, upang sala'y matubos.
Ngayon ay may pag-asa, sa PANGINOONG Hesus,
Tayo ay sasagana, kung sa kanya'y susunod.

Umupo o tumayo

Mga Antipona at Salmo

Antipona 1

Panginoon, ipatong mo sa akin ang iyong mapagpagaling na kamay dahil ako'y makasalanan.

Salmo 41

(Panalangin ng isang maysakit)

Mapalad ang isang taong tumitingin sa mahirap,
Ang PANGINOON ang tumutulong kung siya ay may bagabag.
Buhay niya'y iingatan, yamang siya ang may hawak,
Sa kamay man ng kaaway, hindi siya masasadlak,
At doon sa bayan niya'y ituturing na mapalad.
Ang PANGINOON rin ang tutulong kung siya ay magkasakit,

Ang nanghina niyang lakas ay ganap na ibabalik.

Ang pahayag ko sa PANGINOON, "Tunay akong nagkasala,
Iyo akong pagalingin, sa akin ay mahabag ka!"
Yaong mga kaaway ko, ang palaging binabadya,
"Kailan ka mamamatay upang ikaw'y mawala na?"
Yaong mga dumadalaw sa akin ay hindi tapat;
Ang balitang masasama ang palaging sinasagap,
At saan ma'y sinasabi upang ako ay mawasak.

Ang lahat ng namumuhi'y ang palagi ng usapan,
Ako raw ay ubod sama, ang panabi sa bulungan.
Ang sakit ko, sabi nila, ay wala nang kagamutan,
Di na ako magbabangon sa banig ng karamdaman.
Lubos akong nagtiwala sa tapat kong kaibigang
Kasalo ko sa tuwina't sa anuman ay karamay;
Ngunit ngayon, lubos siyang naging taksil na kaaway.

Sa akin ay mahabag ka, PANGINOON, ako'y kaawaan;
Ibalik mo ang lakas ko't kaaway ko'y babalingan.
Kung ikaw ay nalulugod, ganito ko malalaman,
Sa aki'y di magwawagi kahit sino ang kaaway.
Tulungan mo ako ngayon, yamang ako ay mabuti
Sa piling mo ay patuloy na ingatan ang sarili.
Purihin ang PANGINOON, itong Diyos ng Israel;
Kailanman at saanman, siya'y ating pupurihin! Amen! Amen!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Panginoon, ipatong mo sa akin ang iyong mapagpagaling na kamay dahil ako'y makasalanan.

Antipona 2

Nasa atin ang Diyos na Makapangyarihan, ang Diyos ni Jacob na ating kanlungan!

Salmo 46

(Ang D'yos ang ating kanlungan at lakas)

Ang Diyos ang lakas natin at kanlungan,
At handang saklolo kung may kaguluhan;
Di dapat matakot, mundo'y mayanig man,
Kahit na sa dagat ang bundok mabuwal;
Kahit na magngalit yaong karagatan,
At ang mga burol mayanig, magimbal.

Nasa atin ang Diyos na Makapangyarihan,
Ang Diyos ni Jacob na ating kanlungan.

May ilog ng galak sa bayan ng Diyos,
Sa banal na templo'y ligaya ang dulot.
Ang tahanang-lungsod ay di masisira;
Ito ang tahanan ng Diyos na Dakila,
Mula sa umaga ay kanyang alaga.
Nangingilabot din bansa't kaharian,
Sa tinig ng Diyos lupa'y napaparam.

Nasa atin ang Diyos na Makapangyarihan,
Ang Diyos ni Jacob na ating kanlungan.

Anuman ang kanyang ginawa sa lupa.
Sapat nang pagmasdan at ikaw'y hahanga!
Maging pagbabaka ay napatitigil,
Sibat at palaso'y madaling sirain;
Baluting sanggalang ay kayang tupukin!
Sinasabi niya, "Ihinto ang labanan,
Ako ang inyong Diyos, dapat na malaman
Dito sa daigdig, sa alinmang bansa'y
Ako ang tanging makapangyarihan."

Nasa atin ang Diyos na Makapangyarihan,
Ang Diyos ni Jacob na ating kanlungan!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Nasa atin ang Diyos na Makapangyarihan, ang Diyos ni Jacob na

ating kanlungan!

Antipona 3

Lahat ng bansa ay lalapit at sasamba sa iyo, Panginoon.

Awit: Pahayag 15:3-4

(Awit ng Pagsamba)

PANGINOONG Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Dakila at kahanga-hanga ang iyong mga gawa!
O Hari ng mga bansa,
Matuwid at totoo ang iyong mga daan!
Sino ang hindi matatakot sa iyo, PANGINOON?
Sino ang tatangging magpahayag ng iyong kadakilaan?

Ikaw lamang ang banal!
Lahat ng mga bansa ay lalapit at sasamba sa iyo,
Sapagkat nakita ng lahat ang matuwid mong mga gawa.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Lahat ng bansa ay lalapit at sasamba sa iyo, Panginoon.

Umupo

Pagbasa ng Salita ng Diyos

Roma 15:1-6

Dapat pagtiisan nating malalakas ang mahihina sa pananampalataya, at huwag ang sariling kasiyahan lamang ang isipin. Bigyan natin ng kasiyahan ang ating kapwa kung ikabubuti niya, upang lumakas ang kanyang pananampalataya. Si Kristo man ay hindi naghangad ng sariling kasiyahan kundi, ayon sa nasusulat, "Sa pag-alipusta nila sa iyo, ako ang inalipusta." Anumang nasa Kasulatan noon pang una ay nasulat sa ikatututo natin, sapagkat lumalakas ang ating loob at nagkakaroon ng pag-asa kapag binabasa natin ang mga aral na matatagpuan dito. Loobin nawa ng Diyos na nagpapatatag at nagpapalakas ng loob, na mamuhay kayong may pagkakaisa kay Kristo Hesus. Sa gayon, sama-sama kayong magpuri sa Diyos at Ama ng ating PANGINOONG

Hesukristo.

Tugunan

Inibig tayo ni Kristo at nilinis tayo sa ating kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang dugo.

— Inibig tayo ni Kristo at nilinis tayo sa ating kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang dugo.

Hinirang niya tayo upang maging bansa ng mga hari at pari,

— sa pamamagitan ng kanyang dugo.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Inibig tayo ni Kristo at nilinis tayo sa ating kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang dugo.

Tumayo

Papuring Awit ni Maria

Antipona

Tinulungan ng Panginoon ang kanyang mga lingkod bilang pagtupad sa pangako niyang awa.

Lukas 1:46-56

Gumawa tanda ng krus

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako'y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,

At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Tinulungan ng Panginoon ang kanyang mga lingkod bilang pagtupad sa pangako niyang awa.

Pangkalahatang Panalangin

Purihin ang Diyos na dumirinig sa panalangin ng nangangailangan, at binubusog ang mga nagugutom ng mabubuting bagay. Dumalangin tayo sa kanya nang buong tiwala:

— Panginoon, ipadama sa amin ang iyong awa.

Maawaing Ama, inialay ni Hesus sa krus ang pinakaganap na hain. Ipinagdarasal namin ang lahat ng mga nagdurusang kaanib ng Simbahan.

— Panginoon, ipadama sa amin ang iyong awa.

Palayain ang mga inaalipin at bigyan ng paningin ang mga bulag, kalingain ang mga balo at ulila.

— Panginoon, ipadama sa amin ang iyong awa.

Damitan ang iyong bayan ng sanggalang na kaligtasan,
at ipagtanggol mo laban sa pang-aakit ng kasamaan.

— Panginoon, ipadama sa amin ang iyong awa.

Mapasaamin nawa ang iyong awa't pakikipiling, Panginoon, sa oras ng kamatayan,
maratnan nawa kaming matapat at lisanin ang mundong ito nang may kapayapaan.

— Panginoon, ipadama sa amin ang iyong awa.

Akayin ang mga yumao sa liwanag ng iyong kaharian,
upang masilayan ka magpakailanman.

— Panginoon, ipadama sa amin ang iyong awa.

Ama Namin

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

Pangwakas na Panalangin

Ama,
tulungan mo kaming masundan ang halimbawa
ng iyong Anak na naging mahinahon sa gitna ng dusa.
Sa pakikiramay sa paghihirap na kanyang pinasan,
makabahagi rin nawa kami sa kanyang kaluwalhatian.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo,
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

Paghayo

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila



mobile prayers



United States of America
www.ebreviary.com